
TINTA
pagiwaiwaksi

*... sa mga naghihintay ng paghilom.*

**TINTA**

*Pagwawaksi*

Union of Journalists of the Philippines
University of the Philippines - Diliman

**(c) 2003**

*no part of this publication can be reproduced without permission from the authors.*

# TINTA

## Pagwawaksi

a union of journalists of the philippines - up literary folio

AY 2003-2004 A





# Sopas

*Sa wakas, inanod na ng tubig ang bawat poot, kirot, at hapdi. Ang lahat ng pangit ay sabay-sabay nang tinalikuran, pilit na itinuwid ang mga pagkakamali ng nagdaang panahon. Sa saliw ng iisang musika, pinintahan na ang mga palad, at gumuhit ng panibagong mga linya tungo sa tamang daan.*

*Kami'y nagmistulang mga sanggol na iniluwal bagamat kulang pa sa buwan. Matagal-tagal din kaming pinainitan tulad ng mga sisiw sa bakurang walang kasinglawak. Ngayo'y handa na kaming huminga nang naaayon sa nagkakaisang ritmo ng prinsipyo at alab ng paninindigan.*

*Minsan na rin kaming nailibing ng buhay. At ang minsang iyon ay mananatili na lamang isang bahagi ng kahapong kailangang lingunin subalit di na dapat pang balikan.*

*Pagwawaksi*.*

---

*pagtatapos ng isang bagay upang makapagsimula uli.

Tula

# TERMINAL

*By SinagMarikit*

Alas onse y medya.
Katahimika'y naglalaro,
Yakap ng dilim ang mga tahanan,
Malamig ang haplos ng hangin
Bumalot sa maputla kong mukha
Sumuyod sa aking kalamnan.
Mainit na kape,
Nakapapaso.
Hinihingahan ang inaantok
Na pagkatao ko.
Habang naghihintay,
Umaasa at nangangarap.
Sari-saring mukha ang naaaninaw
Ng maluha-luha kong mga mata,
Na naghihintay sa mga upuan
O nakalugmok sa sahig.
Darating na daw ang sasakyan
Na magdadala sa amin sa lungsod.
Bukas, marahil naroon na ako
Hulmahan ng mithiin ko.
Dito gugugulin ang gabi
Ng aking akademya,
Sa paghahanda sa bagong umaga.
Bumusina na ang bus.
Nakabibingi.
Kanya-kanyang upuan,
Ang mga nakita kong mukha.
Nagpapaalamanan
Sa kanilang mga minamahal.
Kumakaway sa maiiwanan,
Sa dating tahanan at buhay,
Na ngayo'y inihiwalay
Ng matigas at malamig na bintanang salamin.
Umaandar na ang makina.
Pag tingin ko sa labas,
Iilan na lang ang mga matang naghihintay
Sa mga upuan at pasilyo
Nag-iisip at nakatingin sa kawalan.
Dinama ko ang salaming bintana,
Habang tumititig sa lugar na iyon.
Paliit nang paliit
At tuluyan nang nawala
Sa daigdig ng aking mga mata.

# BUTO

*By Akeru*

Mamamatay…
Ililibing…
Mababalutan ng kadiliman…
Mabibiyak…
Sisilip…
Lalabas…
Makikibaka…
Uusbong…
Hahawiin ang nakasagabal…
Tutubo…
Lalaki…
Masisilayan ang araw…
Mabubuhay…

# DAMÂ

*By schitzo*

Ambon lang ito
Parang bagyo
Gasgas lang uli
Medyo mahapdi.
Ang lakas ng buhos
Ng ulan sa akin.
Pakiramdam ko lang, pero hindi.
Pahapyaw lang ang daan sa akin.
Pero pakiramdam ko, masyadong malalim.
Sabagay, mas mabuti nang daanaN ako
Ng may ilan pang bagyo
O di kaya'y nalagusan
At iwan ng pilat sa kung saan
Kaysa makita kang muli
At minsan pa'y
Maluha
Sa sakit.



# PATULOY-TULOY

*By Melay*

Wag mong hayaang pumatak ang luha
Hindi titigil sa pag-agos ang tubig sa batis
Magbitbit ka ng timba at ako'y harukan
Ang aking lalamunan ay tigang.

Wag mong hayaang pumatak ang luha
Itim pa rin ang aking buhok, ang labi ay pula
Bughaw pa ang tinitingala kong langit
Dilaw pa rin ang tingin natin sa araw.

Wag mong hayaang pumatak ang luha
Patuloy-tuloy ang tugtugan
Ang pag-ikot ng plaka'y hindi mapaparam
Sa pagbilis ng ritmo, maisasayaw na kita.

Wag mong hayaang pumatak ang luha
Kahit pa mapundi ang bumbilyang gamit ko
Ang panulat ko'y panghabang-buhay
Hanggang ang salita'y dumadaloy sa aking dugo.

Wag mong hayaang pumatak ang luha
Tapos na akong mangarap
Ngunit ang tula ko'y buhay
Punô ng damdaming para sa iyo.

Wag mong hayaang pumatak ang luha
Sandali lang akong mahihimbing
At sa muling pagtilaok ng manok
Ako'y magigising at ikaw'y hahanapin.

Wag mong hayaang pumatak ang luha
Tibok ng puso ngayo'y pareho pa rin bukas
Kahit magbago ang mga linya sa palad ko
Wag mong hayaang pumatak ang luha.

# AALIS NA

*By diyahengbiyahe*

Gustuhin mang magtagal
Hindi pinayagan
Pinayagan lang magpaalam

Gustuhin mang maiwan
Hindi hinayaan
Hinayaan lamang ng panandalian

Ninais mang magmahal ng lubusan
Hindi raw pwede
Wala nang panahon
Ninais mang humiga sa damo,
Magpakadumi, magpakasaya
Aalis na raw, kailangan nang bumangon

Gustuhin mang dito na lamang
'di maaari't baka maiwan
At kahit ayaw pa,
Kahit sapilitan
Aalis na, aalis na

# HIDEAWAY

*By schitzo*

Sometimes my mind wonders
Against the daily ordinaries of my life
I get caught up somewhere, way behind my room
Where rainbows, clouds, and falling stars
Seem to tell and mean so much more
And my questions were finally asked
Though all the answers I still can't find
It did feel good now that I've let them out
I closed my eyes and I held my heart
And I wished so hard, I could keep coming back here
It was a place I know I ought to be
A place where I could love, and love free
It was a hideaway for hopeless incurable fools like me
Where everything you fantasize become reality
And all the hugs in the world feel so right
As they should be
Then back in my room I managed a smile
A hug to my pillow and a kiss of goodbye
Knowing that somehow, I'll be there
Again.



# GAHASA

*By Melay*

Ginapos ako ng hangin.
Mahigpit. Hindi ako
Nakahinga. Maya-maya lamang ay biglang uminit.
Tila may kung anong pumunla sa
Bubot ko pang katawan.
Tumagos iyon,
Hanggang sa kaloob-looban ko.
Pilit akong nagpumiglas.
Nalunod ang aking mga mata.
Itinaas na ang kamay,
Sumuko,
Hindi na kaya.
Ngunit lalong lumakas ang hangin.
At nakita ko na lang ang aking mga tula –
Musika ng aking puso,
Dahilan ng aking pagkabuhay,
Sanggol sa aking sinapupunan –
Na nilamon ng galit na mga ulap
Habang ang iba nama'y hinigop
Ng imburnal.

Huwag! Mahabag sa akin!

At umulan. Kumidlat. Sayang.

Naisip kong magsulat uli. Pero,
Bukas na. Iisipin ko muna kung paano
Mag-alis ng dumi sa kuko ng aking mga paa,
At kung paano ikakabit ang napigtal kong sandalyas
Bago muling makausad.
Bukas, hahakbang na akong muli.

Bukas. Pangako.

# AKO

*By Melay*

Biglang-bigla
Nakita ko na lamang ang sarili ko
Tumatakbo ng mabilis
Palayo
Di alintana ang hapo
At tagaktak ng malamig na pawis mula sa noo
Basta ang gusto ko'y lumayo
Mapag-isa
Kahit saglit lang.
Sa gubat, maraming puno
Sumabit ang paa ko sa baging
Pasubsob akong tumama
Sa malalaking bato palibot nito
At nawalan ng malay.
Inilipad ako ng isang malaking ibon
Doon, sa himpapawid
Dalawa kaming nakatingin
Sa lupang kailan lang
Ay tinutuntungan ko.
Tumawid ako sa isang tulay
Makipot, makipot.
Nahulog ako mula dito
At ako'y nagising
Sa katotohanan.
Biglang-bigla.

# LAISSEZ-ALLER*

*By Jerald*

Here I am
Here I remain
In a place you disgust
For as your shadow moves away,
I'm still alive
That's a good start.

---

**french word for letting go*



# BANYUHAY

*By SinagMarikit*

Butil ng luha mula sa kalamnan ng kaluluwa
Tanging liwanag sa kabulagan
Sa anay ng masang husgado
Ang sala ay wala kanino man
Hindi sa Diyos,
Hindi sa inyo,
Hindi sa akin.
Ang pagyakap ay aming ibig,
Sapagkat kami'y nagpapakalaya lamang.
Kalayaang inyong tinitiris at pinapatay,
Katulad ng lagi na ninyong ginagawa;
Sa mga ligaw na damo,
Sa pesteng insekto,
Sa inyong kapwa tao.
Ay! Huwag kayong manatiling nakalugmok,
Sa idelohiyang inyong tinatangkilik.
Buksan ninyo ang inyong mga palad
Kuyomin ang bagong binhi ng buhay,
Ng pag-asa,
Ng kaliwanagan,
Ng pagkatao.
Sapagkat hindi kailanman kami liko,
Sa katwirang inanak ng lipunan.
Kami ay biktima ng huwad na katotohanan
Na piniling pagkatuwaan ng nakararami.
Ng mga ekstrimo,
Ng mga konserbatibo,
Ng mga hipokrito.
Nananatili sa dilim ang aming mukha
Ang pagkatao ay binibihisan ng batas.
Sa aming pagkatakot sa daigdig,
Na kami'y patuloy na tapakan at itutulak
Sa kababaan,
Sa kasamaan,
Sa kahihiyan.
Datapwa't patuloy pa rin kami sa pakikibaka,
Malagot ang mapanghusgang tanikala
Na pilit itinatali ang aming adhika.
Hiling na yapusin ng umagang tumatanggap,
Umuunawa,
Humihilom,
Nagpapatawad.
Ang liwanag nami'y itataguyod ng kamatayan
At gagapangin ang baitang nakatayo
Sa gitna ng gubat ng mapanuring mata.
Hindi ninyo maitatatwang kami'y patuloy na mabubuhay,
Makikipagtawanan,
Madadapa,
Babangon at
Magwawagi!

# Maikling Kwento at Sanaysay

# TAKAS

*By schitzo*

Makasarili ako. Kaya umalis ako. Takot ako para sa sarili ko. Hindi ko kakayanin kung sakaling ikaw ang aalis at ako ang iiwan. Kaya inunahan na kita.

Hindi ko alam kung bakit at kung saan nag-ugat ang takot. Basta naramdaman ko na lang. Wala akong ibang naiisip kundi ang isalba ang sarili. Bago mahuli ang lahat. Kaya umalis ako.

Masakit din para sa akin ang ginawa kong pag-alis. Mahirap, sa totoo lang, pero nangingibabaw ang di maipaliwanag na takot. Kaya umalis ako. Dahan-dahan.

Umalis ako. Pero di lang pala ikaw ang naiwan ko. Umalis ako. Pero hindi ka nag-iisa. Hindi ko rin kasi nailikas ang sarili. Gayong umalis ako.

May isang bahagi sa akin ang napako sa ating nakaraan. Pero di ko sigurado kung uso yun. Nagmistulang nabanat na goma ang katawan ko. At ang buhay ko'y naging isang mahaba ngunit manipis na tulay. May giwang sa gitna. Pero natalon ko ito pabalik.

Ngunit madami nang nagbago. Binalikan ko ang sarili. Alam kong kasama mo pa rin siya. At hindi ako nagkamali. Pero di mo nahinuhang ako at siya ay iisa. Hindi mo napagtantong hindi kita lubusang iniwan.

Huli na. Hindi kita masisi. Dahil mukhang di na rin niya ako kilala. Pero kilala ko siya. Dahil alam ko. Minsan naduwag ako, minsan tinatakasan ko ang buhay na sana'y hanggang ngayon ay nasa piling mo.

Huli na. Dahil siya mismo. Tinakasan niya ako.

# ALAB

*By Akeru*

Alipin ng mga elementong di maiiwasan. Nagningas. Tumindi nang umihip ang hanging dala'y oksihenong iyong pagkain. Nabusog. Nagpapasalamat. Nakipaglaro.

Lamang, di namalayan na ang hangin ay naging bagyo – rumaragasa. Mabalasik at walang patawad. Napaso ka ng sarili mong init. Nakipag-away. Nakipagtunggali. Nakipaglaban ka para maisalba ang buhay.

Alipin ng mga elementong di maiiwasan. Nagapi ka ng hanging nakipagkaisa sa unos para maging bagyo. Bagyong pumatay sa iyong kalahating katawan. Naparalisa ka. Nanghina. Naghingalo.

Bumagsak ang iyong depensa. Natalo ka. Natalo ka. Napagkit ang sakit na dulot ng pagkatalo. Ngunit inisip mo, ano kung natalo ako? Natalo lang ako, hindi namatay. Kaya buhay mo'y nagpatuloy. Unti-unting nanumbalik ang init, naging baga, naging apoy hanggang ito'y lumagablab uli.

# TO WHOM THIS MAY CONCERN

*By Melay*

Hiniritan mo ako nung minsan. Sabi mo ang boring ng buhay ko. Yung tipong kung may pangangailangang makipagpalit ka ng buhay sa isa pa, hindi mo ako pipiliin upang maka-exchange. Sabi mo, my world is too dull to live in. No meaning. Empty. Mahilig ka kasi sa gimmicks, ni hindi ka nga maabutan sa bahay kahit bakasyon. Lalo pa nga kung bakasyon. Pero sabi mo, bakit ako, pag walang pasok, nasa kwarto lang, nagsusulat. Napaisip tuloy ako.

Ano'ng magagawa ko, eh sa ganun ang adventure para sa akin. Para sa akin, ang pagsusulat ay higit pa sa pagpunta sa SM tuwing hapon at diretso sa Malate sa gabi. Ang pagsusulat ay isang paglalakbay, isang pagtuklas. Exciting para sa akin ang pairalin ang imahinasyon ko. Exciting para sa akin ang pagalawin at kontrolin ang lahat ng bagay bilang mga karakter sa istoryang pinipilit kong mabuo. Dito, ako ang bida at ang kontrabida. Ako ang boss, ako ang masusunod. At ang mga gawa ko'y magagandang lahat. Walang kasing ganda.



Sabi mo, bakit hindi ko subukang mamundok, baka doon makita ko ang tunay na "happening". Oo, tama ka, may happening talaga doon. Pero magkaiba tayo ng konteksto ng "pamumundok". Para sa iyo, ito ay hiking, rapelling, camping… yung puro saya lamang.

Ngunit, ang pamumundok sa akin ay ang pakikialam sa usaping pangkalikasan at kalagayang sosyal doon. Ang pagpunta sa mga ganitong lugar ay isang pagkakataon upang magturo at maturuan din naman. Yan siguro adventure talaga.

Hindi mo kasi makuha ang point ko na minsan, being alone could also be fun. Palibhasa'y hindi mo kayang mabuhay nang walang ingay, nang walang ibang tao sa paligid mo. Enjoy ding mapag-isa kung minsan, lalo na after weeks of papers, exams, meetings – nakakangarag talaga!

At kapag mag-isa na, pwede na akong maging kung sinuman at kung anumang personalidad ang gustuhin ko. Yung pakiramdam mo'y mababaliw ka na, tatawa sa unang bagay na papasok sa isip, tapos maya-maya, depressed naman. Masarap magpakabaliw! Masarap magkaroon ng kalayaang tumawa hanggang sa lumabas ang lalamunan mo at pagkatapos ay umiyak hanggang sa buo-buong dugo ang pumatak mula sa mga mata mo. Ha! Baliw na nga ata ako!

Para sa iyo, walang saysay ang buhay ko dahil ang hilig kong past time eh yung tumambay pagkatapos ng klase kasama ang barkada kong sawi ring tulad ko. Pinagtatawanan mo ako. Tinanong mo kung anong nakukuha ko sa pakikinig sa mga problema ng iba araw-araw?

Ang buhay para sa akin ay ang mga kaibigan ko. Mga totoong kaibigan ko. Ang buhay para sa akin ay yung pagkakaroon ng pagkakataong makinig at mapakinggan din naman. Higit pa sa pagtungga ng strawberry lambanog at paghithit ng Winston Lights, adventurous para sa akin ang pagtawa sa halos lahat na yata ng mababababaw na bagay, kasama siyempre ang mga taong alam mong makikitawa rin. Adventurous para sa akin ang paghigop ng mainit na Nescafe kasama sila. Pathetic siguro para sa mga katulad mo, pero ganun eh. Yung tipong kahit araw-araw pare-parehong mukha ang kasama ko, lagi at lagi na lang na may nadidiskubre akong bago sa kanila.

Pathetic. Pathetic ako, sabi mo. Eh halos lahat na yata ng terms synonymous to that tinawag mo na sa akin eh. Pero okay lang. Isipin mo na ang gusto mong isipin sa akin. Bahala ka kung sa ganyang paraan mo nakikita ang uri ng buhay na mas gusto ko. Wala na akong pakialam. Basta ako, masaya.

At tungkol nga pala dun sa ayaw mong makipagpalit ng buhay sa akin, don't worry, the feeling is mutual.

# ASTIG

*ni diyahengbiyahe*

Mula sa eskwela, nilakad ko ang buong tatlong kilometro pauwi sa bahay. Umaambon nung hapong yon at wala akong dalang payong. Parang pawis ala Cardona ng La Salle at Hubalde ng UST na tumulo sa mukha ko ang patak ng ulan. Kalbo na ako, kaya lang, wala akong headband.

Ang bilis. Parang dalawang segundo pa lang akong naglalakad e, nasa bahay na ako. Hindi ko napansin na naraanan ko na pala ang lugawan ni Aling Mary Jane, ang hardware ng mga Chua at ang waiting shed na pinatayo "through the diligence of your Cong. Daluyot, 'I love you all'". Wow. Dalawang highway at isang side street na rin pala ang tinawid ko. Buti hindi ako nasagasaan.

Siyempre si Nanay ang unang nakapansin sa aking Grand Entrance. "O, napagisip- isip mo an ba yang ginawa mong kagaguhan?" sabi niya.

"Na'y tama na, huwag na nating pag- usapan."

"Bakit hindi? Anak, ano ba yang nangyayari sa'yo?"

"Wala, ok lang ako." Pumanhik ako sa kuwarto para magpalit ng damit. Hindi ko na tinignan ang sarili ko sa salamin bago bumaba uli. Gutom na kasi ako.

"Na'y anong ulam?"

"Nilagang baka. Masarap yung sabaw dahil umuulan. May utak 'yan."

Lumambot nanaman ang puso ng nanay ko. Niluto niya kasi yung "paborito" kong ulam. Kawawa naman siya. Bakit pa kasi ako yung naging anak niya?

"Na'y," bulong ko "hindi na'ko kumakain ng red meat, 'di ba?" Sabay balik sa kuwarto, trangka ng pinto at bukas ng CD player.

Kawawa naman ang nanay ko. Bakit pa kasi ako yung naging anak niya? Isang kalbong batang laging wala sa bahay. Laging nasa- eskwela, babagsak- bagsak naman. Matalino pero mukhang walang kinabukasan. Matalino? Tanga! Biro mo, kinalbo yung sarili niya?! Gagang dalaga. Ayan tuloy kanina, hirap na hirap ako makahanap ng t shirt na babagay sa bago kong hairdo. Pwet.

Asteeg. Sabi ng mga kasama ko sa org, "that's a statement!" At hindi lang fashion statement a, "It's a protest in behalf of all the political prisoners suffering in jails run by capitalist governments." sabi pa nung isang babae. Grabe, ang galing ko. Yun yung akala ko habang inaahit ko yung buhok ko kahapon. Ang galing nito. "It's a statement that as a woman, I can choose to look like whatever I want. Fuck beauty." Sabi ko yun kahapon sa harap ng salamin ala Demi Moore. Puwede rin pala sha para sa political prisoners. Astig talaga.



Kanina, pagkatapos ng klase at bago ako umuwi, nag- usap kami ng "best friend" ko. Nagulat kasi sha, ang sabi ko raw kasi, haircut at hindi, yun, kalbo. Ano nanaman ba raw ang nangyari at nagpapapansin ako.

"It's my way of saying na tama na. Sobra na 'tong kasakiman ng mga kapitalistang bansa. Yung mga mahihirap gutom. Ang edukasyon kulang na kulang ang budget. Pa'no na ang kinabukasan natin?"

"So nagpakalbo ka. As if naman makokonsensya si Gloria!"

"Isa pa yang si Gloria. Pucha Jo, ano bang nagawa niya para sa bansa? Eh haciendera din yan e, kapitalista din yan."

"Tama na nga! Lahat naman kapitalista para sayo e! Lahat pro-Kano!"

"Totoo naman e, tignan mo ikaw o! Bag mo Jansport, t shirt mo CK, sapatos mo Reebok. Wait lang, kaya ka nag- aaral dito diba, para yumaman ka balang araw?

"Bahala ka sa buhay mo! Pati ako sinali mo. Hindi naman gawa sa abaka yang bag mo a! Ahitin mo na rin kaya lahat ng kilay mo para mas makonsensiya si Gloria!"

At yun ang dahilan kung bakit mag- isa akong naglakad pauwi kanina. Yun din yata ang dahilan kung bakit parang bumilis ako lumakad. Kasi, kinalbo ko sarili ko. Astig. Gumaan ang bagahe ko't parang hindi lang buhok ang nawala sakin. Pati common sense, kaibigan, nanay. Nung nakita kasi ni Nanay yung ulo ko kaninang umaga, napaiyak sha. Tumawag pa nga ata sha kay 'tay sa Dubai.

Si 'tay nasa Dubai. Isa siya sa milyon- milyong Overseas Filipino Workers na kumakayod sa ibang bansa dahil wala nang oportunidad dito. Ay, iba na nga pala ang tawag sa kanila sabi ni Gloria. Overseas Filipino Investors na sila dahil sila ang numero unong pine- perahan ng gobyerno. Isang taon mahigit naring hindi umuuwi ang tatay ko.

O sige na nga. Para na rin sa kanya ang pagpapakalbo ko.

# NINE MONTHS NA AKONG MAY CRUSH SA 'YO, SORRY!

*Ni diyahengbiyahe*

I feel kind of obliged to start this story by saying that "it all started during one sunny day, when all the birds were happily chirping and the leaves were content just going wherever the breeze blew them." It didn't start that way because days are never like that anymore. I woke up at 11:00 late in the morning. The sun's rays weren't pleasant anymore; in fact, they were starting to annoy me. The wind wasn't a cheerful breeze; it was already non-existent. The morning was already turning into a hot afternoon.

Fortunately, the water pressure was enough for a fulfilling cold shower. I dried myself as quickly as possible and chose a black shirt to go with my generic maongs. It was just the right day for a black shirt. It was actually just the right day for anything, a silly love confession included.

I left the house at twelve thirty, saying hardly a word to my parents. It would be a two-hour trip to Ermita from Antipolo but frankly, two hours (or ten years, I didn't see the difference) was a morbidly inadequate overture for what I had resolved to do. Two hours worth of foolish lines and gibberish played in my head, to no use. I had talked myself into confessing love that day. But the UN Avenue LRT station within sight and barely six minutes until crunch time, I was still unprepared. It was a gut-wrenching walk from the station to Padre Faura. People were darting glances at me from all directions and I perfectly understood why. I think I was crying along Taft Avenue that afternoon.

The stairs were extra steep that day and the hallway extra long. There he was, sitting on one of the benches screwed to the floor. I wanted it desperately to be like it was in the movies. I half- expected him to stand up and rush to me and sweep me off my feet, and even kiss me if possible. But he just stayed there, oblivious to my presence as usual. With all the strength I could muster, I walked up to him and started a very petty conversation.



"Nalabas na ba yung class cards natin sa Math?"

"*Hindi pa nga e,*" he said " *kaninang umaga pa ako nag- iintay. Buwisit talaga yun.*"

I needed to bail. The mere sight of him made me fear my future. I was afraid that he could see behind my uninterested front and actually hear my heart scream: "I love you, you bastard!" So I asked him if he knew where our other classmates were and left him there. The confession had to come later.

That "later" came down as one of the most, if not the most pathetic moment of my life. We had received all of our class cards and were about to go home when I remembered that I still had some unfinished business with him. I neatly walked up to him in the parking lot and asked him if he could stay behind for a while. And so he did. We slowed down to a laughable pace that can only be attributed to lovers our age (I was turning 17, he just turned 18), you know, the pace for HHWW. And then, to muster all my strength, I stopped walking.

"*O ano yung sasabihin mo?*" He asked.

"*A, e, ganito kasi, una muna magpapasalaamt ako sa lahat- lahat.*" I stammered. I was beating myself up in my imagination. But there was no turning back. The dam had already sprung a leak.

As if to add to my woes, he objected. "*Salamat sa ano? Ako nga dapat mag thank you sa iyo e, dami mong tinulong sa 'kin. Yung secrets tapos yung reviewer.*"

"Those were not charity, I have ulterior motives" I wanted to scream at him. But, finding my self control right on time, I said instead "*salamat dun sa mga text mo, dami nun a. Salamat talaga.*"

"*Sus, wala yun.*"

The dam was about to burst. "*Sandali*," I said, "I can't prolong my agony any longer. There's something I have to tell you before I transfer to Diliman. *Promise mo lang hindi ka magagalit.*"

"*O sige, ano yun?*"

"*Talikod ka muna. I don't want to see your reaction when you hear this*."

He turned around as I requested, but not without protesting first.

"*Alam mo, ang weird mo.*"

Bye bye dam. "*Alam ko weird ako kasi, kasi, ummm… nine month na akong may crush sa 'yo, sorry.*"

SHIT. SHIT. SHIT. All that practice down the drain! I expected him to turn around and laugh at me, Ms. "nine-months-na-akong-may-crush-sa-'yo-sorry." I wanted him to laugh and think that it was a late April Fools joke (it was April 3 then). But you know what he did? He turned around, looked at me and ran towards the gate as fast as he could. Bastard.

I tried to contain my laughter in the LRT and the MRT. It was a hard job to do. What guy in his right mind would run like a scared chicken after hearing what I said? I convinced myself that I was either butt ugly or he had some serious emotional problems.

But as it turned out, it was I who had the serious emotional problems, because as soon as I entered the confines of my room, I burst into tears. He was, after all, the great love of my freshman year. And then he acted that way. Ouch. I wanted him to tell me that it was okay that I liked him and that he liked me too. I needed him to say that he didn't mind that I put him on a pedestal, and that I was on his. BUT! He ran away, terrified.

Soon enough, there were no more tears to cry. I was slashing my skin with a Gillette Ruby II Blade that my mother lent me for sewing purposes. No, I didn't want to die. I just needed to feel alive.

And so, I believe it all started that day, this stupid girl's new life. I realized so many things after I grew tired of seeing my own blood. Some of them, I knew even during high school: guys can be jerks. And there were some new tenets. Like life can be made one big joke by choosing the right words. Think: "nine months na akong may crush sa 'yo, sorry."



# WALANG PAMAGAT*

*by shifter*

Hihithit sa sigarilyo. 'Aminin man natin at sa hindi, pag-ibig ang nagpapaikot sa mundo.' Hihithit, bubuga, malalim ang paghinga.

Tatagay, tutungga. 'Pero hindi dapat,' kokontra pa. 'Hindi dapat na ganung uri ng pag-ibig. Romance is so overrated.'

Tatango, hindi siya lasing, pero sa Winston lights siya ay bangag na ring maituturing. 'Siguro nga,' bubulong, 'Pero baka bitter lang tayo.'

Bitter raw o. 'Sinong bitter?' sabay tungga pa ulit, pang-ilang tagay na ba? 'Sinong bitter, ako?'

'Wala akong sinabi,' hihithit, bubuga, malalim pa rin ang paghinga.

Tatapatan ng dighay. 'Ayoko na,' sabay baba ng shot glass. 'Tama na.'

'Ang inom?'

'Hindi, ang romansa, nakakasawa na,' sabay hawak sa bote ng gin. 'O wag mong bawiin ang gin ko.'

Tataktakin ang sigarilyo, nagtipon ang mga upos sa paligid, para ke pang may ash tray, wala rin palang gamit. 'O sha sha, hindi na,' sabay bitaw sa bote, nangalahati na, nag-aalala siyang mag-isang tinungga ng kasama lahat yun.

Di na kasi siya umiinom. Nagyoyosi na lang. 'Pero ano nang pag-uusapan natin kapag binoycott natin ang pag-ibig?' magtatanong pa, pero totoo naman di ba? Hindi ba't masarap pag-usapan ang kasawiang sari-sari?

'Kudeta?' ngingiti pa ang bangag. 'Gobyerno? Lipunan? Andami naman diyan.'

'Anti-love na ba tayo?'

'Jaded lang.' Nakatitig na ang kausap sa usok sa dulo ng kanyang papaubos na sigarilyo. 'Siguro ikaw, hindi pa.'

---

** para kay C, at sa kanyang pagsasantabi sa pag-ibig para sa mga mas importanteng bagay.*

Hindi pa. Pa. Ibig sabihin may posibilidad?

'Ayokong ma-jaded.'

'Hindi naman lahat ng nasasaktan, naja-jaded,' paliwanag niya. Siguro nga, matapos ang kalahating litro ng gin, hindi pa siya lasing. O baka tuwing lasing lang siya nagkakaroon ng ganitong kamalayan? 'O tatagay ka na ba?'

Tititigan ang kaibigan, sabay mag-iisip. Gusto niya ring makalimot. Gusto niya ring malasing. Gusto niya ring sumakit ang ulo para nang sa ganun eh iba na yung sakit na maramdaman niya. Escapist.

Tititigan ang shot glass, naghihintay ang gin. Hihithit sa sigarilyo, isa na lang, tapos papatayin sa ash tray. Ayan, may laman na. (Hindi tulad niya, empty.)

'Ayoko,' iiling pa kuno, sabay hugot sa kaha. Nangalahati na rin. Malalim na siguro ang gabi, isip niya, sabay sindi.

Sabay hawak sa shot glass. 'Ayoko na sa pag-ibig, pag-usapan natin ang kudeta…' sabay tungga.

# SA MULING PAGBUBUKAS

*by shifter*

*closed for renovation.*

Pumasok ka noon, umorder ng beer, uminom, nalasing. Pinabayaan ka, pinabayaan kita, pinabayaan mo ang sarili mo.

At nawala ka sa sarili mo. Ipinaubaya mo ang lahat. Nagtiwala ka, siguro nga.

Pero nangyayari lang yun kapag pumapasok ka, umo-order ng beer, umiinom, at nalalasing.

Maingay ang dagundong ng techno sa mga pader, kaliit na lugar, kalakas ng tugtog, pero ayos lang. Napunta ka rito para magsaya, di ba? O-order ng beer at iinom, minsan, kalahating kaha ng sigarilyo nauubos mo sa kalahating oras.

Tapos may darating, bubulong tapos tatawa ka, at sasama ka



naman. Lasing ka na ba nun? Hindi ko alam, hindi ako sigurado.

Sasama ka, lalakad kayo palayo, palabas. Tapos na naman ang silbi ng lugar sa yo.

Sabagay, bakit pa ako magtatanong, eh abot-tanaw naman lagi, at hindi ka nagmimintis – nangyayari lang ang nangyayari kapag pumapasok ka, umo-order ng beer, umiinom at nalalasing.

Siguro sa umaga kapag nagigising ka sa tabi niya, siguro iniisip mo rin, pang-ilan na nga ba to? Tapos siguro, napapangiti ka na lang, at maiisip mo rin sigurong hindi ka na kasi nagbibilang.

Ilan na nga ba silang nakasama mo nang minsan lang? Ilan na nga ba silang hindi mo naman talaga minahal?

Tapos sa susunod na gabi, babalik ka – o-order ng beer, iinom, malalasing. Ganun naman lagi, hindi ka na ata magbabago. Gabi-gabi, iba-iba, hindi na kita maintindihan.

Huhugot ng yosi, hihithit, bubuga, swabe, titingin, ngingiti, tapos, ayun na naman. Hindi na nga kita maintindihan.

Minsan.

Pero alam ko, kahit iba-iba ang kasama mo bawat gabi, kahit na sa iyo, pansamantala lang ang pag-ibig – hindi ako naniniwala dun, pero ano bang pakialam mo di ba? – alam ko, may bahagi ka pa ring hindi nagbabago.

Yung nakikita ko kapag pumapasok ka, umo-order ng beer, umiinom at nalalasing – ikaw yun, hinding-hindi magbabago. Ikaw yun.

Isang gabi, nagpunta ka na naman, at wala kang nakasama buong gabi. Umuwi kang mag-isa – alam kong kahit papano, sanay ka na rin sa ganun. Sa pag-iisa.

Ako rin naman.

Ang pagkakaiba lang nating dalawa, kaibigan – ikaw, malaya ka, ako hindi.

Minsan, tinatanong ko pa rin ang sarili ko kung bakit sa bawat panahong mag-isa ka't sa kin ka dumudulog ay tinatanggap at tinatanggap pa rin kita. Tinatanong ko pa rin kung bakit ang bawat pagtulo ng luha mo tinatapatan ko pa rin ng bote ng San Miguel.

Tinatanong ko pa rin.

Pero tulad ng mga gabi noon, ng mga gabi ngayon, ng mga gabi bukas pa – alam kong hindi ka pumupunta rito para humanap ng sagot.

Pumapasok ka para umorder ng beer, uminom, malasing, makalimot.

*Closed for renovation.*

Sabi nila, kailangan rin daw sa kahit anong relasyon ang minsanang paglalayo, kaya patawad kung kinakailangang ngayon pa kita iiwan.

Sabi mo, siya na yata to, dahil may naramdaman kang hindi mo naramdaman dun sa iba. Tama nga ako no, hindi mo nga sila minahal.

Ngayon nagtatanong ka. Sa aking mga pader, sa aking kisame't lapag, sa aking mga silya't mesa, kahit sa aking mga basag na bote ng San Miguel, nagtatanong ka.

Pero hindi ba, ang usapan – papasok ka lang, o-order ng beer, iinom, at malalasing? Di ba nagpupunta ka dito para magsaya? Di ba hindi ka naghahanap ng sagot? Di ba, hanggang dun lang naman tayo?

O hindi ba?

Sarado na ang pinto.

Hindi ko alam kung gaano katagal pa – o kung magbubukas man ako ulit, hindi ko na rin masabi.

Pero sa ganung pagkakataon, kung darating pa man – kaibigan, aabangan ko ang iyong muling pagpasok. Pangako yan.

Hanggang sa muling pagbubukas.



# SANGDAKOT NA BUHANGIN

*By Melay*

Payak na mga salita lamang ang maihahandog ko sa iyo; singpayak ng mundong kaytagal ko nang pinangarap. Isang mundo kung saan ang kasama ko ay ikaw at ikaw lamang.

Patawid ako noon ng kalsada, at sa malayo pa lamang ay natanaw na kita, nakatayo sa tabi ng isang palpak na poste ng Meralco, pawang may hinihintay. Sino kaya? Ako kaya?

At ako nga ay nagpaiwas-iwas sa mga paparating na sasakyang de motor upang makapunta sa kabilang kalsada, kung saan naroon ka.

Ilang hakbang na lamang ay maaabot na kita. Ang ulo ko'y pinanatili kong nakatungo, kunwa'y wala sa aking ulirat ang iyong presensya. Pasipol-sipol pa ako para hindi masyadong mahalata. May mga pagkakataong sinislip-silip ko ang bitbit kong kwaderno, na kunawari ay may binabasa, ngunit sa totoo'y wala ni isang mahalagang ideya mula doon ang nahimlay sa naglalalayag kong pag-iisip.

Ilang hakbnag lamang ang kailangan upang kita'y mahagkan sa kalsadang kapawa na nating kinatutuntungan. Subalit ang bawat hakbang ko'y may hatid na kirot sa puso, buhat sa mga alaala ng nagdaang ikaw at ako. Kung meron man.

At sa gunitang ito'y bigla akong napahinto, dala ng takot na baka sa muli kong paghakbang ay maranasan ko ang sakit na marahil ay di na mapaparam kailanman.

Ngunit anong magagawa ko kung hindi ang sumabay sa agos ng kung anuman. Ako'y nagmula sa isang tangkas ng mahinang mga kalamanan na pinagbigkis ng isang duwag na pagkatao. At anumang pigil ang aking gawin, nadarama ko sa loob ko na ako'y iyo. Di bale nang hindi ka akin.

Humakbang akong magmuli, pamanhid kong ininda ang anumang maaaring mangyari sa akin. Iniangat ko ang aking ulo at nakangiti kitang muling binati. "Kumusta ka na?"

Malakas ang hanging tumangay ng hawak kong kwaderno na sabay naman ng mga dahon ng ipil-ipil na nagsilagasang paisa-isa. Tumingin akong muli sa iyo.

Malamig ang poste ng Meralco na kanina pa nakaharap sa akin. Ngayon, ang hawak ko na ay hangin, hindi kwaderno, hindi rin dahon.

# SONG FOR INAY

*by emman*

I was caught in the traffic on my way home. I was so tired from my day's work in the office. I planned to rest as soon as I get home but the traffic spoiled all my plans.

Shit! That was the only word that came out of my mouth. I started the morning grouchy and will end the day with a very abd mood still. Shit! I repeated angrily without knowing that a little girl inside the adjacent car was staring at me until I heard her say to the woman beside her, "Mom, what is shit?" the woman closed her car's window and talked to her daughter. I presumed, she might tell her daughter this way, "Forget that word. It's bad." Then the girl looked at me, disappointedly. In shame, I closed my car's tinted window.

I shouldn't have said that. I knew nobody wanted to be caught in the middle of traffic, and I was not the only tired person trapped there. *Inay* never taught me that word.

"Ferry, never say bad words," *Inay* always told me. I remember how my classmates envied and wished they have the same mother as mine.

***

"*Nay*, I'll be attending my friend's debut party tonight…"

"Hey! Did I allow you?"

"Yes!"

"But when?"

"Now! Please…" I pleaded as I embraced her.

"Hmmm… Okay, but be here before midnight."

"Midnight? But the party will start at nine."

"Okay, then, be here before three in the morning and do not get drunk. Don't even try to smoke." She said with authority.

"*Nay*…" I said, "it's a party, a social gathering!"



"Okay then, you stay here and wait till you reach 21, then you can drink. Smoke, never… Well that's only three years and six months from now."

"Okay! Okay! I promise."

I got so bored at the party. Everybody was drinking except me. "Ferry," Arjay called. "Let's get out of here, let's go somewhere else." He invited me to a place I didn't know then. I easily agreed.

We went to a club. The scarlet lights welcomed me. It was my first time to go there and I was a little bit uncomfortable. I never looked around because someone might recognize me and tell *Inay* that I am here. But Arjay seemed to knoe the place, no doubt. He's a night-out person and a regular customer ast Lovebirds KTV. On a sudden glint, I was caught by a girl as she performs onstage to the beat of Bonnie Taylor's classic.

Turn around
Every now and then I get a little bit lonely
But you never come around…

I knew that song. "It's *Inay*'s favorite," I silently uttered as I looked at the performer.

The music stopped. The performer walked with pride to the table next to ours and sat on a man's lap. What is she doing here?

Now I can't be wrong. The performer is no other than… my mother! I was startled. My body quavered. My knees shook.

"Shame on you *Nay*!" I shouted while crying.

"You devil man!" I hollered as I thumped the man's face.

I went out of the bar. Out of my mind. Full of hatred and anger. Humiliated. I ran, walked, ran, wlaked like crazy. I wanted to die that moment. I didn't know where I was going. All I wanted was to get out of the bar, out of my sight at once. A bright light flashed. Then…

I foundmyself in the hospital perfectly fine. I laid down and recalled everything thast happened. The truck… the light… the strong force that brought me to the other side of the street. "Haaaahhhh! I was hit by the truck. I'm dead!" I exclaimed.

"No," the doctor behind me spoke, "you're alive. The woman next door saved you. She's in a very critical condition. She wants to talk to you."

Saved me? Who? These questions lingere on my mind until I found myself mercifully staring at the woman lying on the bed. Fighting for her life, almost breathless.

"Fe…Fe…r-ry…," she could hardly mention my name. "I…I…I'm sor…ry."

I didn't know what to feel nor utter a word. I just looked at her endlessly.

"Fo…for…give me. I lo…lo…love you anak," she tearfully said as she caught her last breath.

I saw her die. I saw my mother die.

"*Nay*! *Nay*! Please! Don't leave me!" I cried. "*Nay*! Please wake up!"

***

PEEP! PEEP! PEEP! The cars' angry horns woke me up from my stillness. The traffic ended. I was the only one stuck there, causing the traffic among vehicles behind me.

Instead of going home,I drove the car to my mother's grave.

"*Nay*, I'm here. Happy Birthday! I planned to vsiit you tomorrow but I decided to do it now. By the way, I have something for you. I'm sure you'll like it." I burst into tears.

I went to my car and played in full volume the song "Total Eclipse of the Heart." Then I sat beside my mother's grave as though she was just beside me.

*And I need you now*
*Tonight*
*And I need you more than ever…*



# ENGENDERING THE EARTH

*by heather*

Before the Earth was born into existence, the gods ruled their domain without fear of tragedy, for they had never known nor experienced such. But soon they will face the first of tragedies, which will give birth to the child Earth.

The Celestial gods oversaw the entire galaxy, ruling what was considered as only one of the vast empires making up the entire Universe. The demigod Sun extended his authority over the planets of the galaxy, and the satellites hovering around these planets were charged to the Moon demigods.

***

our story begins with Oberious, the heir to the throne of the empire. As an heir he was required to peruse the course of ruling an empire, as such was no easy task — undergoing training and apprenticeship under his father the Emperor; counseling by his elders; and the disciplining of power taught by the Sun god. He would go on voyages covering the whole galaxy, learning about the extent and ways of his would-be subjects.

During one such trip as the Emperor's apprentice, they came upon the distant and lone orb called Luna, famed as the errant rock — neither being a satellite nor a planet at all and thus, was not bounded by the power of the Sun or Moon gods. Luna traveled the stretch adjoining space and time, though at that epoch the only recognized time was infinity.

On Luna Oberious quickly noticed some wonderfully pleasant sight unlike any other in all the other places he had been to. It was of a luminous, bright aura — perhaps close in brightness to the Sun god — of such free and flowing spirit.

Enchanted and anthralled by this new awakening — that such splendor was to be found at the most distant of places — he commanded it to come closer and revealitself to him. At his command it did as he bid, and he beheld the extraordinary spectacle before him. It was a woman, exuding such radiance even without her aura — a descendant of the Moon gods, a goddess indeed! Etherea she was called, a truly lovely and lovable being that it was not long before Oberious came to admire and

revel at her beauty and free spirit.

Soon after that visit to Luna, Oberious had to return to his other mentors to continue his exercise as the born heir. He was delighted every time he resumed to his journey around the galaxy, for he never knew when and where he would stumble upon the errant rock. He would even spend his free moments searching for it, as this rock floated aimlessly around the galaxy. A number of times it had happened to him, and at each opportunity his appreciation for Etherea grew even more.

Meanwhile, a black hole started to form at the end of the stretch of the galaxy and it eerted immense force on those objects that could not equal its heavy pull. Luna, being of such nature, was in peril of being drawn into the black hole.

Upon discovering it the people of Luna became frantic and soon fell into distress. They knew that they had only one chance, and a very short period of time at that, before all — including them — will be lost in oblivion. They implored Etherea to seek help from the Celestial gods, especially since she had won the affection of Oberious.

As Oberious learned of Luna's plight, he went into deep thought. A sort of panic was throbbing within him, perhaps at the subconscious thought that losing Luna meant losing Etherea. It was his first real challenge as the worthy heir of the Celestial Empire, and as he consulted his elders they could but only provide him with the conviction that it was only a wandering rock that was to be lost, and that they knew of no solution. Growing desperate, he turned to the Sun god for an answer — but with grave needs to fulfill it.

The solution was to create a planet that orbited the Sun god. The Sun god would keep the planet in place, and Luna would be positioned to orbit the planet. The trouble was, to be able to create a planet, a sacrifice of noble origins must be made. Only such supreme sacrofoce of such magnitude could allow the birth of a new planet in such a short soan of time. For Etherea loved her people and was the only scion of the Moon gods on Luna, the stark truth pointed to her as the only hope of survival. Oberious, being the one who promised and sought for the solution, decided to sacrifice himself as well.

Then he knew he loved Etherea, and in this way he will be with her for aternity. The Sun god, for his tremendous love for his student Oberious, offered the best place in his domain for the planet-to-be.

***



thus the Earth was born from the spirit and the flesh of Oberious and Etherea. All the inhabitants of Luna, the Celestial gods and the Sun god, wept for them; and from these tears were formed the seas and oceans of the Earth. A planet born out of love, and tears that flowed out of love — such is why the Earth is the most beautiful of planets in the known galaxy…